

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Tumatanggap ang CUTRIC ng \$175K investment para sa Brampton Transit mula sa Pamahalaan ng Canada at FCM

BRAMPTON, ON (Hulyo 5, 2022) – Sa araw na ito, si MP Ruby Sahota, sa ngalan ni Honourable Jonathan Wilkinson, Minister of Natural Resources; Rory Nisan, Halton Konsehal ng Rehiyon at Board member ng Federation of Canadian Municipalities (FCM); Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal at Deputy Mayor ng Brampton, Marianne Meed Ward, Mayor ng Burlington; at Josipa Petrunic, President at CEO ng Canadian Urban Transit Research and Innovation Consortium (CUTRIC), ay inanunsyo ang pamumuhunan sa transit sa Brampton sa pamamagitan ng Green Municipal Fund (GMF) ng FCM.

Nakatanggap ang CUTRIC ng \$175,000 tungo sa feasibility study para suportahan ang strategic na mga pagsisikap ng Lungsod ng Brampton sa pagpapababa ng greenhouse gas emissions at para matugunan ang pangangailangan sa pasahero sa hinaharap para sa pampublikong transit. Ang pokus ng pag-aaral ay para tasahin ang feasibility ng paggamit ng zero tailpipe-emission buses (ZEBs) sa ruta ng network ng Brampton Transit.

Ang pag-aaral ay isinasagawa gamit ang panloob na binuo na panghulang modeling tool, RoutΣ.i™ ng CUTRIC. Pinagsasama ng tool na ito ang pang-operation na mga kondisyon tulad ng mga mapa ng ruta, mga iskedyul ng transit, klima, at pagkakarga ng pasahero para matukoy ang posibilidad at mga benepisyo ng paggamit ng ZEBs o FCEBs batay sa umiiral na teknolohiya.

Ang paglipat tungo sa isang electric ZEB bus fleet ay tumatayo sa mga pangako ng Lungsod sa pagpapababa ng bakas ng carbon nito at sa pagtayo ng isang Green City. Ang mga ZEB ay sustenableng mga behikulo ng transit na magbibigay ng napakahusay, tahimik at malinis na pagbiyahe para sa komunidad.

Ang pagsasa-electric sa mga transit bus ay isang napakahalagang milestone sa paglalakbay ng Lungsod sa pagpapabawas ng greenhouse gases (GHGs) na nalikha sa Brampton nang 80 porsyento bago lumipas ang 2050. Dinagdagan ang kasalukuyang fleet ng 133 diesel-electric hybrid Züm buses, pinapasimulan ng Brampton Transit ang unang walong battery electric zero emission buses at apat na high-powered overhead opportunity chargers noong Mayo 2021. Ang paglipat sa kumpletong fleet tungo sa mga ZEB ay inaasahang magpapa-save ng tinatayang 115 tonnes ng CO₂ bawat bus, bawat taon, na ang kabuuan ay tinatayang 53,000 tonnes taon-taon ng mga GHG, o katumbas ng pagtanggap ng mga 12,000 de-pasaherong behikulo (batay sa mga tonnes ng mga GHG) mula sa mga daan.

Ang GMF, na pinapangasiwaan ng FCM, ay tinutustusan sa pamamagitan ng gawad ng Pamahalaan ng Canada. Ang MF ay nakakatulong sa mga pamahalaan na lumipat sa sustenableng mga praktis nang mas mabilis. Ang walang katulad na magkahalong pagpopondo, mga resource at pagsasanay ay nagbibigay sa mga munisipalidad ng mga tool na kailangan nila para itaguyod ang pagka-madaling nakakabangon at bawasan ang mga greenhouse gas emission.

Mga Link

- [Namumuhunan ang Canada at FCMsa mababang emission transit sa Brampton at Burlington](#)

Mga Quote

“Salamat sa Pamahalaan ng Canada at sa FCM para sa kanilang pamumuhunan sa feasibility study ng CUTRIC para sa mga bus na zero-emission sa Lungsod ng Brampton. Itong \$175K investment ay direktang susuporta sa kasunod na antas ng sustenableng transit sa Brampton at sa Canada, habang bumibili ang Brampton Transit ng hanggang 450 zero-emission na mga bus para sa mga daan ng Brampton sa susunod na limang taon. Ang Brampton ay isang Green City, at magkasama mababawasan natin ang ating bakas ng carbon at mas mapaganda ang kalidad ng buhay sa ating komunidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ibinabahagi ng Lungsod ng Brampton ang pananaw sa isang sustenable, mababa ang carbon na pampublikong transit kasama ang mga partner at tagasuporta, ang Pamahalaan ng Canada, FCM at CUTRIC. Salamat sa pagtutustos ng GMF, ang feasibility study ng CUTRIC ay makakatulong sa Lungsod na magkakaroon ng pananaw sa pagbabawas ng GHG reductions, cost-benefit at pag-iiskedyul ng pag-aanalisa, sa mga uri ng zero-tailpipe emission buses na pinaka-angkop para sa bawat ruta ng Brampton Transit network at iba pang mahalagang mga factor para sa pagsasakuryente ng ating fleet.”

- *Martin Medeiros, Deputy Mayor; Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang lider sa mga inisyatiba sa malinis na transportasyon, at malugod nating tinatanggap \$175K pamumuhunan sa Brampton Transit mula sa Pamahalaan ng Canada at sa FCM sa pamamagitan ng CUTRIC. Ang Zero-emission buses ay napakahalagang parte ng commitment ng Termino ng Konseho sa Brampton bilang isang Green City. Salamat sa ating team at sa ating mga partner sa pagsuporta sa mas luntiang hinaharap para sa Brampton Transit.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works & Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang FCM Board Member, nagkaroon ako ng pagkakataong maging bahagi ng maraming diskusyon tungkol sa kung paano susuportahan ang mga ahensya ng transportasyon sa buong Canada para harapin ang susing mga hamon, oportunidad at solusyon na nauugnay sa paglipat sa umiiral na mga fleet tungo sa zero-emission at mga teknolohiya sa transit na mababa ang carbon. Pinangungunahan ng Brampton ang zero-emission transit, at napakahalaga na ang lahat ng kaugnay na mga ahensiya at mga antas ng pamahalaan ay magtutulungan para pasimulan ang mas luntiang transit network.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton; Board Member, FCM*

“Committed ang Lungsod ng Brampton sa pagtatayo ng mabuting koneksyon, sustenable, at matipid sa anerhiya na sistema ng transportasyon at mas luntiang lungsod para sa ating lahat, Salamat sa Pamahalaan ng Canada, sa FCM at sa CUTRIC para sa kanilang suporta. Patuloy tayong makikipagtulungan sa ating mga stakeholder para maghatid ng pamumuhunan sa Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton Transit ay isang lider sa sustenableng transit, at ang mga zero-emission bus ay bahagi ng ating pangako na gawing de-kuryente ang ating fleet. Nakikipagtulungan tayo sa CUTRIC at sa sari-saring stakeholder para maghatid ng pamumuhunan sa ating proyekto sa elektripikasyon, at salamat sa mga partner namin para sa kanilang suporta habang umaabante tayo.”

- *Alex Milojevic, General Manager, Brampton Transit, Lungsod ng Brampton*

“Mula nang aking pagkakahalal noong 2015, nakita ko mismo ang mahalagang tungkulin na ginampanan ng CUTRIC sa ating transisyon tungo sa transit na mababa ang emisyon. Ang alokasyon ng pondo na ito ay isa lamang sa marami, sa pakikipagtulungan sa CUTRIC, na tinatanggap ng Lungsod ng Brampton habang isinasakuryente natin ang hinaharap, binabawasan ang polusyon at mamuhunan sa imprastruktura ng malinis na transportasyon— inihahatid tayo na mas malapit ng isang hakbang tungo sa net-zero emissions.”

- *Ruby Sahota, Member of Parliament for Brampton North*

“Aang anunsyo sa araw na ito tungkol sa pagpopondo para sa malinis na transportasyon sa Brampton at Burlington, Ontario, ay isang susing hakbang tungo sa prayoridad ng ating pamahalaan na suportahan ang mga Canadian sa pagbabawas sa polusyon, pagpapaganda sa ating mga komunidad at pagdadagdag sa ating inobasyon sa malinis na mga teknolohiya. Labis na ikinagagalak ng Pamahalaan ng Canada na suportahan ang pamumuno CUTRIC sa bahaging ito. Gusto ko silang batiin para sa kanilang liderato”

- *The Honourable Jonathan Wilkinson, Minister of Natural Resources*

“Napakahalaga na kasama ang bawat isa sa paglaban sa klima. Ginagawa ng mga Munisipyo sa buong Canada ang kanilang parte sa inobatibong mga solusyon na lumilikha ng mga trabaho at pagkamadaling nakakabawi sa klima. Ang mga pamumuhunan sa luntiang imprastruktura sa mga komunidad ng Canada ay mas magpapalinis sa ating hangin, mas magpapalakas sa ating mga komunidad sa Canada na mas magpapalakas sa ating ekonomiya, at nagtatakda sa atin sa daan ng net-zero na kinabukasan .”

- *The Honourable Steven Guilbeault, Minister of Environment and Climate Change*

“Ang mga tao sa panahong ito ay karamihang naninirahan sa mga lungsod. Ang mga lungsod ay dapat mangunguna sa pagtugon sa climate change at pagpapalano sa ating kinabukasan para sa mundong binago ng klima. Ipinagmamalaki ng CUTRIC na makipagtulungan sa mga lungsod tulad Brampton at Burlington. Ang mga lungsod na ito ay umuunlad na mga hub ng inobatibong pag-iisip sa aksyon sa klima. Ang panahon ay ngayon para baguhin ang imprastruktura ng bansa at landscape ng paggalaw sa mababang carbon.”

- *Josipa Petrunić, Presidente at C.E.O., CUTRIC*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

MGA KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca

Natural Resources Canada
Media Relations
343-292-6100

media@nrcan-rncan.gc.ca

Sundan kami sa Twitter: @NRCan (<http://twitter.com/nrcan>)

Kean Nembhard
Press Secretary
Office of the Minister of Natural Resources
613-323-7892
kean.nembhard@nrcan-rncan.gc.ca

FCM Media Relations
613-907-6395
media@fcm.ca